"Ang seguro ay para sa lahat. May iba't ibang produkto na-aayon sa pangangailangan sa abot-kayang halaga. Dahil sa Microinsurance, ang mga kababayan natin na may mababang kita ay may pagkakataon na madama ang proteksyon na hatid ng seguro."

DENNIS B. FUNA
Insurance Commissioner



Para sa mga katanungan tungkol sa MICROINSURANCE, maaring tumawag sa:


INSURANCE COMMISSION
Microinsurance Division

1071 United Nations Avenue
Manila
(+632) 523-8461 to 70
loc. 110

www.insurance.gov.ph


# MICRO INSURANCE

- ☑ Abot-kaya
- ☑ Simple
- ☑ Maasahan

Alamin natin kung ano ang Microinsurance at kung paano ito makakatulong



## *ANO ANG MICROINSURANCE?*

Ang Microinsurance ay isang uri ng SEGURO (*INSURANCE*) na tumutugon sa pangangailangan ng mga Pilipino na may mababang sahod.

## *PAANO MAKAKATULONG SA'YO ANG MICROINSURANCE?*

Katulad ng isang regular o tradisyunal na seguro, ang Microinsurance ay magbibigay ng garantisadong benepisyo sa oras na mangyari ang mga hindi inaasahan, ngunit, nasasakupang pangyayari (katulad ng kamatayan, aksidente, sunog, at iba pa).

TANDAAN:

Ang Microinsurance ay may bayad na prima o kontribusyon. Siguraduhing bayad ito upang makuha ang garantisadong benepisyo na hatid ng seguro. Itago rin ang iyong kontrata o sertipiko bilang katibayan.

# ABOT-KAYA

Ang prima o kontribusyon na kailangang bayaran, sang-ayon sa batas, ay hindi hihigit ng 7.5% ng pinakamababang araw-araw na sahod (*daily minimum wage rate*) ng di-agrikultural na manggagawa sa Metro Manila kada araw. Sa kasalukuyan, ito ay hindi hihigit sa ₱40.28 kada araw.

## *ANU-ANO ANG MGA PRODUKTONG MICROINSURANCE?*

Ang mga produktong ito ay maaring nasa katagorya ng ***Life*** (*Credit Life, Personal Accident,* at iba pa) o ***Non-Life*** (*Casualty and Liability Insurance* at *Property Insurance*). Lahat ng mga produktong ito ay dapat inaprubahan muna ng Insurance Commission bago ibenta sa publiko.



## *MAGKANO ANG BENEPISYO NA MAARI MONG MATANGGAP?*

Ang pinakamataas na benepisyo na maaring matanggap ay 'di lalagpas sa isang libong beses (1,000x) ng pinakamababang araw-araw na sahod ng mga 'di-agrikultural na manggagawa sa Metro Manila. Sa kasalukuyan, ang benepisyo ay maaring umabot hanggang ₱537,000.00.

# SIMPLE

Madaling intindihin ang kontrata ng Microinsurance. Bukod dito, kailangan lamang ng kaunting dokumento sa aplikasyon ng produkto.

## *SAAN MAARING BILIHIN ANG MICROINSURANCE?*

Ang mga produktong Microinsurance ay maari lamang ibenta ng mga grupong lisensyado ng Insurance Commission tulad ng mga sumusunod:

- Commercial Life Insurance Companies
- Commercial Non-Life Insurance Companies
- Mutual Benefit Associations (MBAs)
- Cooperative Insurance Societies (CISs)

## MGA DAPAT TANDAAN:

- Bumili ng Microinsurance sa mga **lisensyadong kumpanya o asosasyon** lamang;
- Bumili lamang ng **naaprubahang produkto** sa mga **lisensyadong ahente**;
- Alamin ang iyong mga **benepisyo o karapatan** hinggil sa Microinsurance; at,
- Ang kontrata ng Microinsurance ay **kinakailangang** nagtataglay ng logo na ito:

MICRO INSURANCE

# MAASAHAN

Ang benepisyo ay dapat matanggap sa loob lamang ng sampung (10) araw ng pagtatrabaho o *"ten working days"* pagkatapos maisumite ang kumpletong dokumento.